**IGLESIA UNIDA EKYUMENIKAL, INC.**
Panulukang M. Leonor at C. Peňaloza
Lungsod ng San Pablo

# ANG KASAYSAYAN NG IGLESIA UNIDA EKYUMENIKAL SA LUNGSOD NG SAN PABLO

## *(July 2022 revision)*

Ang **Iglesia Unida Ekyumenikal** ng Lunsod ng San Pablo ay may mayamang kasaysayan mula pa noong dumating ang mga Amerikano sa bansa. Isang Presbiteryanong misyonero sa pangunguna ni Rev. Eugene Snook na isinugo ng American Presbyterian Mission Board ang nakarating sa San Pablo at naging kaibigan si Kptd. Marciano Belulia na tubong San Pablo. Noong Marso 1904 isinagawa ang unang pangmadlang pamamahayag ng salita ng Diyos.

Noong panahon na dumarami na ang bilang ng mga mananampalatayang ebangheliko sa San Pablo, pumili sila ng walong katao upang maging mga lider ng samahan. Pinanguluhan ang samahan na ito ni Clemente Malabuyo. Noong Hunyo 1911, napagpasyahang pangalanan ang iglesya bilang “Unang Iglesia Evangelica Presbyteriana ng San Pablo” (First Evangelical Presbyterian Church of San Pablo).

Lumipas ang mahigit dalawang taon, noong Oktubre 1913, nagdaos ng pagpupulong ang mga Pilipinong Ebengheliko na nagnanais ng pagsasarili sa Maynila. Doon ay pinagkaisahan at nilagdaan ang “Kaisahan na Walang Pakialam ang Dayuhan”. Noon din nilikha ang Saligang Batas ng **Iglesia de los Cristianos Filipinos**. At noong 1914, naganap sa Lungsod ng San Pablo ang kauna-unahang pananambahan sa ilalim ng **Iglesia de los Cristianos Filipinos**.

Nanguna ang ating mga ninuno sa pananambahang ito tulad ng mag-asawang Francisco Cortez at Pelagia Belulia, Rev. Gil Domingo, Hermogenes Banayo, Marciano Belulia, Eligio Dioso, Miguel Leonor, Pabio Ortega, Antonio Diacos at Ermo Banayo.

Hindi tumigil ang ating iglesya (ang Iglesia de los Cristianos Filipinos) na pagkaisahin ang mga mananampalatayang ebangheliko. Makalipas ng labimpitong (17) taon ng pagsamba at pagkakapatiran, pinangunahan ng ating iglesya ang pagpupulong ng labintatlong (13) ebanghelikong iglesya. Ang mga iglesyang ito ay nagkasundo na magsama-sama at magkaroon ng isang iglesya. Hindi nagtagal, isinilang ang **Iglesia Evangelica Unida De Cristo** (IEUDC) noong Pebrero 6, 1932.

Lumipas ang mahigit dalawampung taong pagsasama-sama ng mga iglesya bilang IEUDC, naitatag naman noong Nobyembre 1952 ang isang pederasyon ng mga simbahang ebangheliko ng kung saan ang IEUDC ay “Founding Member”. Sa

ngayon ang nabanggit na pederasyon ay nakikilala sa pangalang National Council of Churches in the Philippines (NCCP).

Sa ilalim ng IEUDC, ang iglesya sa Lungsod ng San Pablo ay nagpatuloy sa patnubay ng Banal na Espiritu sa pangangasiwa ng iba't-ibang pastor.

**Mayo 1994.** Pinagpasyahan sa asembleya ng IEUDC na talikuran ang prinsipyo ng pakikipagkaisa sa NCCP. Ang mga delegado noon mula sa San Pablo, Central, Malabag, Bacoor at iba pa ay magalang na nagpaalam sa pangulo ng asembleya na sila'y hindi sasaksi at sasali sa pagpapasya ng pagkalas sa NCCP sa kadahilanang "…ang isang kasaysayan ay di dapat pinagbobotohan kundi ito'y iginagalang at pinagyayaman" (Ito ang naging pahayag noon ni Pred. Raoul V. Victorino, na ngayon ay Pred. "Justice" Raoul V. Victorino at kasalukuyang pangulo ng IUE sa kalaganapan), kung kaya't sila'y lumabas sa kapulungan sa oras ng pagbobotohan.

Sa asembleya din nang sumunod na taon (Mayo 1995), pinagpasyahan ng IEUDC ang pagtanggal sa mga pastor na pinapag-aral sa Union Theological Seminary (UTS) sa listahan ng mga manggagawa ng IEUDC. Kaalinsabay nito ay ang pagbawi sa lahat ng responsibilidad at pananagutan ng IEUDC sa mga manggagawang tinanggal, at ang pagtatagubilin sa lahat na huwag silang papapasukin sa mga simbahan at patatayuin sa pulpito.

Hindi naging katanggap-tanggap ang naging kapasyahang ito ng IEUDC sa kapatiran ng San Pablo, Malabag at Central; kaya nagpatala ang kapatiran ng San Pablo sa Securities and Exchange Commission (SEC) bilang isang bagong iglesya sa pangalan na **Iglesia Unida Ekyumenikal (IUE)**. Ang pagpapatala ay pinagtibay ng SEC noong Hulyo 20, 1995 sa bisa ng SEC Reg. No. ANO 95-02700. Ang kapasyahang ito ng San Pablo ay patuloy na kinikilala at tinatangkilik ng mga kapatiran sa iba't-ibang lokal. Ang pagpapatala ay pinagsumikapan ng minamahal na Rev. Arnedo B. Bicomong sa tulong ni Atty. Ildefonso B. Malveda, ng konsilyo ng San Pablo at ng buong kapatiran.

Ang pangalang Iglesia Unida Ekyumenikal ay nagpapahayag ng pananampalataya at paninindigan ng buong kapatiran.

> **Iglesia** – Kalipunan ng mga tinubos ng Diyos sa pamamagitan ng Hesu-Kristo, na sa patnubay at kapangyarihan ng Banal na Espiritu ay nagsasama-sama sa pagsamba, pagkakapatiran, pag-aaral, pangangaral, pagsaksi at paglilingkod (Gawa 2:41-47; 4:32-35)
>
> **Unida** – Ang kalipunan ng mga mananampalataya ay binibigkis ng pag-ibig ng Diyos sa pamamagitan ni Hesu-Kristo; nagkakaisa sa pananampalataya at paninindigan sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu (Efeso 4:1-6)
>
> **Ekyumenikal** – Ang pagtanggap, paggalang sa ibang kalipunan ng mga mananampalataya; pagtugon sa panalangin ng Panginoong Hesu-Kristo na magkaisa ang lahat ng mananampalataya (Juan 17)

"Logo" ng IUE:

- Bilog, na sumisimbulo ng paniniwalang ekyumenismo na para sa lahat
- Kamay, krus at kalapati bilang tatlong persona na Diyos natin

- Banal na Kasulatan bilang sagisag ng isang iglesyang nakaukit ang pananampalataya sa pamamagitang ng salita ng ating Panginoon.
  - Ito ay bunga ng isang “logo making event”
  - Ang disenyo at konsepto ay nagmula sa ilang kapatiran na pinangunahan ng Kptd. Alvin Almanza.

**Agosto 15, 1995** – Ginanap ang kauna-unahang pagtitipon at pagsamba ng magkakasamang kapatiran ng San Pablo, Malabag at Central sa templo ng San Pablo. Sa pagtitipong ito pormal na ipinahayag ng mga kapatiran sa Malabag at Central ang kanilang pag-anib sa bagong talang pangalan, ang Iglesia Unida Ekyumenikal. Sa pananambahang ding ito inatangan si Kptd. Byron Bicomong bilang Predicador Ebanghelista na may Kargo Pastoral.

**Agosto 1996** – Naitatag ang kongregasyon ng Butocan sa San Pablo, bilang tugon sa hamon ng pagpapalago at pagpaparami ng miyembro.

**Agosto 2001** – Sinimulan nina Rev. Senen Diacos, Kptd. Teteng at Norme Guevarra, Kptd. Nora Bicomong, Kptd. Pacing Bicomong, Pred. Mely Sanchez at Kptd. Reby Guia ang isang misyon sa Santiago II. Naging isang ganap na iglesya lokal ang Santiago II sa panahon ng ika-16 na Pantaunang Pagpupulong, noong Mayo, 2011.

**Disyembre 2004** – Ginanap ang pagtatalaga ng paghahandog sa renobasyon ng templo ng Panginoon sa IUE San Pablo. Pinangunahan ng noo’y Sekretaryo Heneral na si Rev. Salvador Tiquia II ang pagsamba. At sa loob ng 3 ½ taon ay nabayaran ang halagang P2.3 Milyon para sa renobasyon. Noong **Hulyo 2008**, isang “Family Sunday” ang ginanap upang magpuri at magpasalamat sa Diyos ang buong kapatiran ng IUE San Pablo sa natapos na pagbabayad sa renobasyon ng templo.

**Hulyo 2018** – Anibersaryo ng IUE San Pablo City nang malaman ng kapatiran ng IUE San Pablo City na napawalang-bisa ang SEC Registration mula sa pamamahala ng Lupong Patnugutan sa kadahilanang hindi nakapagsumite ang IUE sa SEC ng taunang dokumento na kinakailangan upang mapanatili ang IUE bilang legal at rehistradong iglesya sa SEC. Dahil dito ay hiningi ng IUE San Pablo City na siya nang magaayos para maisang tabi ng SEC ang pagpapawalang-bisa ng rehistrasyon ng IUE.

**Setyembre 2018** – Sa pulong ng Lupong Patnugutan ay ibinigay ang pamamahala ng pag-aasikaso ng SEC sa IUE San Pablo City at agad itong ay inasikaso ng IUE San Pablo City sa lalong madaling panahon. Mayo 2019 nang **n**aipasa ng IUE San Pablo ang lahat ng mga rekisito para sa pagpapanumbalik ng bisa ng SEC Registration at Enero 2022 nang natanggap na ng IUE San Pablo City ang Order ng SEC na iniisang tabi na ng SEC ang revocation at kikilalanin nang muli ang **Iglesia Unida Ekyumenikal, Inc.** bilang isang ligal na iglesyang makapagpapatuloy ng kanyang Gawain ng pamamahayag ng Mabuting Balita ng Panginoon. At ligal na ring makapag-tatransaksyon sa sinumang tao at ahensya, pribado man o publiko. Inordinahan din ng taong 2020, buang ng Pebrero,si Pred. Byron Bicomong ng Konsilyo ng IUE San Pablo City bilang Pastor ng IUE San Pablo City.

**Marso 16, 2020** – isina-ilalim sa pangmalawakang Community Quarantine ang buong probinsya ng Laguna kasama ng malaking bahagi ng bansa dahil sa pandemya na kumalat sa buong daigdig, ang pandemyang COVID-19. Bunsod nito, inilunsad ng IUE ang PAGSAMBAHAY o pagsamba tuwing araw ng Linggo sa pamamagitan ng social media o internet. Ito ay ginanap sa kauna-unahang pagkakataon noong Marso 22, 2020 ng IUE San Pablo City kasabay ng mga sari-sariling PAGSAMBAHAY ng ilang mga iglesya lokal sa Cavite at sa Maynila.

Mayo 15, 2021 nang isinagawa ang ika-9 na Kapulungang Pangkalahatan sa pamamagitan ng *Virtual Assembly.* Sa pulong ito natagumpay na nakapag rebisa ng Saligang Batas ng IUE. Ngunit dahil sa kalagayan virtwal ay ipinagpaliban ang halalan.

Mayo ng taong kasalukuyan (2022) isinagawa ang Asembleya Heneral sa pagbubukas ng ika-27 taong pagdiriwang ng Iglesya sa paksang "Namumuhay sa Pag-asa Kasama si Kristo sa Bagong Yugto ng Buhay." Ang paksa ay isang panawagan na ang lahat ng kaanib ng Iglesya ay patuloy na humanap ng makabago at mapaglikhang pamamaraan ng ministeryo, at sa hamon gn pagkakaisa at magsasama-sama sa pagsulong ng buhay kasama si Kristo. Ipinagdiwang sa taong ito ang ika-27 Anibersaryo ng IUE noong Hulyo 24, 2022 sa IUE San Pablo City alinsabay sa buwan ng pagkaka rehistro ng IUE sa SEC. Ang buwan ng Hulyo ay kinikilalang IUE month at sa buwan na ito rin naganap ang konsegrasyon ng kauna-unahang Obispo ng IUE, ang Reberendo Justice Raoul V. Victorino ay inatangan bilang Obispo Justice Raoul V. Victorino.

Sa kasalukuyan, ang Iglesia Unida Ekyumenikal ay 27-taon na! Isang kalipunan na patuloy na Nabubuhay sa Pag-asa Kasama ni Kristo sa Bagong Yugto ng Buhay. Mula noong taong 1995 hanggan sa kasalukuyan, patuloy na itinatangi ng IUE San Pablo City ang ika-20 ng Hulyo bilang Anibersaryo ng **Igesia Unida Ekyumenikal** at idinaraos ang natatanging pagtitipon sa araw ng linggo ng Hulyo 20 o paglipas nito.

Sa patnubay ng Banal na Espiritu, ang IUE San Pablo City ngayon ay may mahigit nang 600 na miyembro mula sa higit-kumulang 200 sambahayan.

Bagamat nananatili ang iglesya sa hamon ng panahon at pandemya, matibay pa rin ang pakikipag-kapatiran ng IUE San Pablo City sa mga kapatiran na nagpahayag ng kanilang pagsanib sa **Iglesia Unida Ekyumenikal**; pati na rin mga samahang pang-ekyumenismo tulad ng mga sumusunod:

- Pagkakaisa ng UCCP at IUE ng San Pablo City
- San Pablo City Council of Churches (SPCCC)
- Laguna Ecumenical Movement (LEM)
- Laguna Ecumenical Youth Assembly (LEYA)
- Southern Tagalog Regional Ecumenical Affairs Movement (STREAM)
- National Council of Churches of the Philippines (NCCP)
- World Council of Churches (WCC)

Ang buong ng pagluwalhati, pagpupuri at pasasalamat ay tanging sa Diyos at Ama nating makapangyarihan sa lahat. Sa Kanya nagsimula at nananatili ang ating pananampalataya mula pa noong una, ngayon at magpakailanman!